P20.00 | Tomo 6 Bilang 3 | ISSN No. 2599-5405 | Mayo - Hunyo 2019


# SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI











Narito ang mga nagwagi sa sa kauna-unahang painting contest ng CARD MRI, ang "True North: A Painting Competition." Mula kaliwa pakanan: 3rd place, "CARD MRI: Ang Maskara ng mga Dukha ng Masa" ni Raymond Rivera; 2nd place, "Matatag na Bukas" ni Emil Reambillo; 1st place, "Tagumpay sa Likod ng Bente Pesos" ni Jayrald Sandoval.

# Paglambo Project, mas pinalawak

*ni Trixie Kate Enriquez*

**Umabot na sa 4,182 mula sa 56 noong 2018 ang mga Muslim na kliyente ng Paglambo Project, isang pampinansyal na programa ng Center for Agriculture and Rural Development (CARD) Inc. na binase sa Shari'ah.**

Noong Abril 2019, lumaki nang 13.6% ang bilang ng mga kasapi kung ihahambing sa parehong buwan noong nakaraang taon.

"Ang paglaki ng bilang ng mga kasapi ng Paglambo ay nagpapakita kung paano tinatanggap ng mga Muslim ang CARD, Inc. at ang mga programa nito."

"Ang programa at ang layunin nito na pagtibayin ang ugnayan sa mga kaibigan nating muslim ang nakaakit sa interes ng komunidad," sabi ni CARD, Inc. Executive Director Jocelyn Dequito.

Ang proyektong ito, na nagsimula lamang sa dalawang yunit sa Marawi, Lanao del Sur at Shariff Aguak, Maguindanao, ay may 18 yunit na ngayon sa Mindanao na sumasaklaw sa Cotabato, Isabela, Zamboanga City at Zamboanga del Sur.

Ani Dequito, ang proyektong Paglambo ay ang kanilang pangako sa pagtatayo ng *financially inclusive country.*

"Ang pagtapos sa kahirapan ang siyang talagang pakay ng CARD, Inc. mula noong 1986. Ang ating pinakalayunin ay matulungan ang mga pamilya na makaahon sa kahirapan sa pamamagitan ng pampinansyal at sosyal na mga programa," dagdag ni Dequito.

"Ang kasarian, antas ng pamumuhay, at relihiyon ay hindi basehan sa pagtulong," pagpatuloy niya.

Nagpasalamat din si Dequito sa Dompet Dhuafa sa Jakarta, Indonesia, Peace and Equity Foundation (PEF), at Ramon Magsaysay Award Foundation (RMAF) sa kanilang patuloy na suporta sa programa.

**Patuloy na paghahasa ng kakayanan**

Kamakailan lamang, 11 sa mga kawani ng Paglambo mula Basilan ang pumunta sa Dompet Dhuafa sa Jakarta, Indonesia para sa isang *exposure visit.* Layunin nito na mapalawak ang kaalaman sa pagpapalaganap ng pampinansyal na pamamaraan gamit ang Shari'ah.

Ayon kay CARD, Inc. Operations Director Gilnora Bahia, natutuhan

▶ 2




**Pangulo ng CARD SME Bank, kasama sa mga natatanging San Pableños**

*ni Raffy Antes*

▶ 3

# Sumali ang CARD SME Bank sa 2019 Brigada Eskwela

*ni Charyll April Perez*

Nakiisa ang punong tanggapan ng CARD SME Bank sa Brigada Eskwela sa San Pablo Central Elementary School sa San Pablo City, Laguna noong ika-20 ng Mayo 2019.

Namigay ang CARD SME Bank ng mga gamit pampaaralan sa 100 na mga mag-aaral at pinturang gagamitin sa mga dingding at kisame ng mga silid-

▶ 11





Scan this QR code to visit CARD MRI website

## Paglambo Project mas... ◀ 1

nila sa kanilang pagbisita ang posibilidad na isali ang pautang na programa para sa edukasyon sa ilalim ng Murabahah.

Sumusunod ang Murabahah sa kasunduan base sa *cost plus margin sale* kung saan binibigyan ang mga kliyente ng pera para bumili ng mga bagay para sa kanilang negosyo nang may tubo o kita.

"Magiging isa itong karagdagang produkto at sa panahong kukuha sila nito, bibigyan natin sila ng mga pangangailang pang-edukasyon na kailangan nila o nang kanilang mga anak," dugtong niya.

Ang pagsali sa dagdag na pamamaraan ng pautang ay pinaplano pa lamang ayon kay Bahia.

"Isa na namang grupo ng walong kawani ang nakatakdang bumisita sa Indonesia at umaasa tayo na mapagsama-sama natin ang mga natutuhan natin upang makapagbigay tayo ng mga serbisyong akma para sa ating mga kapatid na Muslim," pananalig ni Dequito.

"Hindi hihinto ang CARD, Inc. na mag-aral at makinig sa mga kliyente nating Muslim upang makapagbigay ng mga serbisyong tutugon sa kanilang pangangailangan. Ang CARD, Inc. ay palaging nasa likuran nila, sumusuporta sa kanila sa bawat hakbang ng kanilang paglalakbay," panapos ni Dequito.




# Walang kinikilalang lahi ang makataong gawain ng CARD

*CMCL*

BAGO, Myanmar, Abril 17, 2019 – Lumahok ang CARD Myanmar COMPANY LIMITED (CMCL) sa pamimigay ng mga handog sa di kumulang na 150 mga matatanda ng PyinNyar Lin Karya Monastery sa Phalay Village, Kawa Ward, Bago Division sa Myanmar.

Ang programang ito ay ginagawa sa Myanmar tuwing Bagong Taon. Layunin nitong makapagbigay ng pisikal at espiritwal na pangangailangan sa mga matatanda ng bansa. Ang kilusang ito ay bukas sa lahat ng matatanda kahit ano man ang kanilang antas sa buhay, lahi, o paniniwala.

Makabuluhan ang ginagampanang papel ng *Monastery* upang masiguro na ang mga pangangailangan ng mga matatanda tulad ng pagkain at mga damit ay natutugunan. Higit sa pisikal na pangangailangan, nagsisikap ang *Monastery* upang maging panatag ang nalalabing panahon nila sa buhay.

Tinatag ang programa sa taong ito ng Myanmar's Ministry of Finance na pinangungunahan ni Mr. NyuntShwe at ng Chief Minister and Financial Regulatory Department na kinatawan ng Division nito na si Deputy Director Mya Mya Moe.

"Higit sa kaligayan na nakikita natin sa mga mukha ng ating mga kababayang may edad na sa Myanmar, ang pagkakakilanlang ibinigay ng Chief Minister of Ministry ng Planning and Finance at Deputy Director of Financial Regulatory Department ng Bago Division ay nagsisilbing inspirasyon sa atin sa CARD Myanmar upang atin pang ipagpatuloy ang ating misyon," sabi ni CARD Myanmar COMPANY LIMITED General Manager Bengie L. Buenviajie.

"Ayon sa kanila, masaya sila sa ating sinimulang aksyon na nakatulong sa tagumpay ng gawain," dagdag niya. Nagpapasalamat din si Buenviaje sa tagapamahala ng CMCL na pinangungunahan ni Managing Director Josef M. Leron para sa malakas na suporta sa adhikain ng institusyon.

"Ang ating mga programa ay bahagi ng ating pang-araw-araw na misyon sa mga pamilya sa Myanmar na humaharap sa hamong pampinansyal at sosyal. Talagang nagsisikap tayo na tugunan ang mga pangangailangan ng ating mga kliyente, ng mga sumasandal sa kanila, at ng buong publiko.

Hindi lang pautang para sa maliliit ang negosyo. Ang ating pangako ay tapusin ang kahirapan sa Myanmar," sabi ni Leron.Sa pamamagitan ng pagsugpo sa kahirapan, ayon kay Leron, mabibigyan ang mga tao ng kanilang mga pangangailangan kahit anuman ang kanilang kasarian, edad, o lahi. Ang CMCL ay institusyong kabahagi ng CARD, Inc. – isang kasapi ng CARD MRI sa Pilipinas. Ang layunin nito ay nakalinya rin sa pakay ng CARD MRI na tapusin ang kahirapan sa Pilipinas at kalapit bansa sa Asya.

"Ang pakikiisa ng CMCL sa naturang programa ay patunay na walang kinikilang lahi ang makataong gawain.

Hindi lamang nakikita ang CARD MRI bilang isang dayuhang korporasyong handang magpaabot ng tulong. Bagkus, ang ating pagtulong na ito ay sumasalamin sa ating pagka-Pilipino," saad ni Flordeliza L. Sarmiento, CARD MRI Managing Director.

"Ipinagmamalaki ko na kahit saan pumunta ang CARD, dinadala natin palagi ang pagpapalaganap at pagpapahalaga sa diwa ng pamilya," dagdag niya.

Ang CARD Myanmar ay naglalayong magbigay pa ng mas maraming suportang pangkomunidad bukod pa sa mga pampinansyal na serbisyo na binibigay nito sa bansa.

"Mas marami pang mga programang pangkaunlaran ang pagsisikapang ipalaganap sa mga darating na taon hindi lamang sa mga komunidad ng mga matatanda kundi sa mga lokal na komunidad sa bansa," pagtatapos ni Leron.



# Pangulo ng CARD SME Bank kasama sa mga...

1

Kinilala si CARD SME Bank President at Chief Executive Officer Aristeo “Boyet” A. Dequito bilang isa sa mga 2019 Outstanding San Pableños sa larangan ng maliliit na pautang at bangkong pang-SME ng lungsod ng San Pablo noong ika-7 ng Mayo sa panahon ng ika-79 na pagdiriwang ng pagiging *chartered city* nito.

Kinilala si Dequito sa kanyang naiambag sa pagbabangko (microfinance at SME) sa loob ng 31 taon.

“Nagpaalala ang gantimpalang ito sa akin sa aking naging paglalakbay bilang isang manggagawa ng CARD na tumulong sa komunidad. Magpakailanman akong magpapasalamat sa San Pablo sa pagkilala nito sa pagsisikap ko at ng buong CARD na patuloy na lumalaban para layunin nito sa loob ng tatlong dekada,” saad ni Dequito.

Nagsimula ang Center for Agriculture and Rural Development (CARD) sa San Pablo, Laguna noong 1998. Si Dequito ang kauna-unahang Account Officer (AO), na kung tawagin noon ay *social-development agent* na nagbibigay sa mga komunidad ng mga programang *development-oriented* at mga serbisyong pampinansyal.

Matapos ang siyam na taong pagtatrabaho sa CARD, Inc., inilipat siya sa CARD Bank mula 1997 hanggang 2005. Ayon kay Dequito, ang paglipat niya sa bangko ang nagpalawak sa kanyang pananaw.

“Sa huli, ang aking trabaho sa CARD ay naging mapanghamon bawat taon. Pero hindi ako bumitaw. Lalo kong pinagdiinan ang aking sarili upang mapalawak ang aking kaalaman na magagamit sa pagpapatakbo sa mga organisasyon may mahusay na misyon,” pagbabalik-tanaw ni Dequito.

Ang unang pagkakataon ni Dequito ay nang maging unang presidente at CEO siya ng CARD-Business Development Service Foundation Inc. (CARD-BDSFI).

“Noon, kumukuha siya ng kanyang master’s degree sa Asian Institute of Management (AIM), hinamon ko siya na ikonsidera ang pagtatayo ng CARD-Business Development Service Foundation bilang paksa ng kanyang thesis,” sabi ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, founder at chair emeritus ng CARD MRI.

Ang pagtatapos ni Dequito at ang pagkarehistro ng CARD-BDSFI ay parehong nangyari noong 2008.

Sa CARD-BDSFI, sinigurado ni Dequito na ang negosyong pangkaunlaran at ang pangangailangan ng mga kliyente ay matutugunan. “May libo-libo ng mga kliyente ang CARD sa panahong yaon, na isang bagay na mapanghamon sa amin. Pero dahil sa tiwala at suporta ng tagapamahala, nakapagbigay kami ng mga nararapat na solusyon na naaayon sa mga pangangailangan ng mga kliyente,” dagdag niya.

Sa termino ni Dequito, itinayo niya ang Mga Likha ni Inay (MLNI), ang *marketing arm* ng CARD-BDSFI, na noon ay nakarehistro bilang hiwalay na *entity* sa lumalagong mga institusyon sa ilalim ng CARD MRI.

Naging inspirasyon din ang CARD-BDSFI sa pagtayo ng CARD Leasing and Finance Corporation (CLFC) noong 2013. Mababakas ang mga ugat ng mga kaganapan sa CLFC mula sa paglago ng mga proyekto ng CARD-BDSFI. Ilan sa kanilang mga proyekto ay ang produktong solar, pagpi-printa, at *finance lease.*

Naging pangulo si Dequito ng tatlong *business development institutions* hanggang 2015 nang binigyan siya ng bagong hamon ng CARD MRI na pangunahan ang CARD SME Bank nito. Ikalawang naging pangulo at CEO si Dequito ng bangko noong 2007.

Ang bangko ay isang *thrift bank* ng CARD MRI na nagbibigay ng mga SME loans at iba pang programang pampinansyal sa mahigit na 840,000 mga kliyente nito sa buong bansa.

Ang pamumuno ni Dequito, ayon kay Flordeliza L. Sarmiento, ang managing director ng CARD MRI, ang siyang nakatulong sa paglago at pag-unlad ng bangko, na siya ring nakaambag ng mainam na epekto sa mga kliyente at kanilang mga komunidad sa kabuuan.

4



# Kawani ng CARD, pumasa sa 2018 Bar Exam

*ni Charyll April Perez*

Marami sa atin ang gustong maging abogado. Ang paglalakbay na ito, gayunpaman, ay isang mahirap na paglalayag. Dito, ang mga determinado lamang ang makaaabot sa dalampasigan. Isipin mo na lang ang mga hindi mabilang na mga babasahin, nakatatakot na mga guro, nakasisindak na mga pagbigkas, at nakababahalang mga pagsusuri.

Pero para kay Samuel John Domjoe M. Abarcar at Florencio B. Aliman, Jr., ang sipag na hinaluan ng pagdarasal ang nakatulong upang malagpasan nila ang maunos na karagatan ng mga abogado. Ito ang napatunayan nila dahil kabilang sila sa 1,800 na pumasa sa 2018 bar exam, batay sa inilabas na datus ng Korte Suprema noong ika-3 ng Mayo.

**Mula sa pangarap na naging katotohanan**

Bata pa lamang si Atty. Abarcar, ay nangarap ng maging abogado. Kumuha siya ng BS Psychology sa San Beda College sa Alabang para sa kanyang pre-law na kurso.

“Pinili ng nanay ko ang *psychology* upang makahanap kaagad ako ng trabaho dahil hindi nila kayang tustusan ang pag-aaral ko sa pag-aabogasya matapos akong magtapos (sa pag-aaral),” pag-alala ni Atty. Abarcar.

Sa kabutihang palad, nakapagpatuloy siya ng pag-aabogado sa San Pablo Colleges sa San Pablo, Laguna.


Matapos magtapos, naghanap si Atty. Abarcar ng trabaho na makatutulong sa pangangailangan ng kanyang pamilya. Hinati-hati niya ang kanyang oras sa pagtatrabaho at preparasyon para sa bar exam. Sa kasamaang palad, hindi siya pumasa sa kanyang unang pagsusulit noong 2012.

“Hindi ito nakapagpatigil sa akin upang abutin ang aking pangarap. Mas lalo akong nagpursige at itinuloy ang aking nasimulan,” ani Atty. Abarcar.

Matapos ang pagsusulit noong 2012, nagtrabaho siya sa Corporate Legal Department ng CARD MRI. “Maswerte ako dahil naging bahagi ako ng legal department ng CARD MRI. Para itong pagtatrabaho at sa parehong oras ay nagsasanay para sa muling pagsusulit sa bar exam,” pagpapatuloy niya.

Matapos ang mga taon ng paghihintay, pakiramdam ni Atty. Abarcar na ang 2018 ay ang taon na papasa siya

12

TARPAULIN PRINTING
OUTDOOR STICKER
PANAFLEX
SIGNAGE
TSHIRT PRINTING

LORELITS PRINTSHOP
Tel.# (049) 300 93 20 (049) 530 61 62
Cel.# 0939 455 39 97 Smart
0945 206 45 91 Globe

PRINTING SERVICES:
CALENDARS
BUSINESS CARD
POSTER
FLYERS BROCHURE
CERTIFICATE
LABELS
TRADE BOX
LETTERHEAD
INVITATIONS
RX PADS
ELECTION MATERIALS
STICKERS
ANNUAL REPORT
YEARBOOK
NEWSPAPER
CATALOGS
OFFICE FORMS
PISO PRINT
RISOGRAPH
PHOTO PRINTING
PHOTO ID PRINTING
PVC ID
ID LAMINATION
SCAN
T SHIRT PRINTING

## Pangulo ng CARD SME Bank kasama...

3

"Si Boyet ay may puso sa pagseserbisyo. Noong siya ay naging pangalawang pangulo ng CARD Bank noong 2002, napanatili niya ang magandang pagganap ng CARD SME Bank sa mga pampinansyal nitong produkto at mahuhusay na mga programa para sa mga kliyente nito.

Ang kabuuang pautang ay patuloy na lumalaki, na ang kahulugan ay maraming MSMEs sa Pilipinas ang nabibigyan ng tulong sa kanilang pinansyal na pangangailangan," dagdag ni Sarmiento. Nananatiling matatag ang bangko sa pagtanggap ng mga parangal bawat taon. Isa sa mga parangal ay ang karangalan na *financial inclusion award* na binigay ng Bangko Sentral ng Pilipinas.

"Ang aking mayamang karanasan sa maliliit na pautang at pagbabangko ay nagsimula sa CARD. Utang ko sa CARD at sa mga milyong kliyente nito ang parangal na ito," pasasalamat ni Dequito. Ang kanyang pag-aaral sa Harvard Business School ay nakatulong din sa kanya upang gabayan ang kinabukasan ng bangko. Pinasalamatan din niya ang kanyang pamilya sa CARD MRI. "Ang CARD ang siyang hangin sa ilalim ng aking mga pakpak. Kung saan man ako ngayon ay dahil sa suporta ng CARD. Taus-puso akong nagpapasalamat kina Dr. Aris Alip at Dr. Dolores M. Torres, na siyang mga tagapagturo sa akin mula nang ako ay magtrabaho sa CARD," sabi niya. Isa ring aktibong lider ng pamayanan si Dequito at minsan na siyang naging National President ng Association of Apex Club of the Philippines, na itinayo sa Australia noong 1931.

"Ipagpapatuloy ko ang aking mga ginagawa at ipapasa ko sa iba ang mga leksyong natutuhan ko upang maraming mga tao ang makinabang at matulungan sila sa kanilang paglago," hamon niya sa kanyang sarili.

SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC. Ad Rates


| Size | Inside Even Pages (B&W) | Inside Odd Pages (B&W) | Back Page (B&W) | Full Color Inside Even Pages | Full Color Inside Odd Pages | Full Color Back Page |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Full Page | 11,200 | 12,320 | 13,440 | 22,400 | 24,640 | 26,880 |
| Center Spread | 28,000 | | | | | |
| 1/2 | 5,600 | 6,160 | 6,720 | 11,200 | 12,320 | 13,440 |
| 1/4 | 2,800 | 3,080 | 3,360 | 5,600 | 6,120 | 6,720 |
| 1/8 | 1,400 | 1,540 | 1,680 | 2,800 | 3,080 | 3,360 |

Advertisement with Photos:
File Format: JPEG or PNG
Resolution: 300 dpi

For inquiries/reservations:
publishing@cardmri.com
(049) 562-4309 loc. 204
CARD MRI Publishing House, Inc.



# BALITANG PANGREHIYON



**Isabela**

## Rizal Bank nagbukas ng ika-26 na sangay sa Isabela

Binuksan ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. ang ika-26 na sangay nito noong ika-24 ng Abril 2019. Naglalayon ang sangay, na matatagpuan sa Roxas, Isabela, na lalong palawakin ang pampinansyal at mga serbisyong pankaunlaran sa mga komunidad.

Ito ang pang-apat na sangay sa lalawigan matapos ang mga sangay sa Cauayan, Ilagan, and Santiago upang makapagbigay ng malapit na serbisyong pambangko at mapaglingkuran ang dumadaming mga kliyente nito sa lalawigan.

**Sultan Kudarat**

## CARD Sulit Padala, nasa Sultan Kudarat na

Pinasinayaan ng CARD Sulit Padala ang ika-22 opisina nito sa Lebak, Sultan Kudarat noong Mayo 20, 2019.

Binuksan ang pasilidad ng CARD Sulit Padala upang makapag-paabot ng pampinansyal na serbisyo sa naturang lugar. Tinatayang nasa anim na oras pa ang kailangang baybayin upang marating ang Lebak mula sa kabisera ng Sultan Kudarat.




## EDITORYAL

# Edukasyon ng mga Pilipino, kailangan ng aksyon!

"Pasukan na naman!" marahil ang mga katagang naglalarawan sa buwan ng Hunyo. Milyun-milyong estudyante na naman ang araw-araw na papasok sa kanilang silid-aralan sa loob ng halos isang buong taon. Malaki ang pagpapahalaga nating mga Pilipino sa edukasyon. Sa katunayan, naniniwala ang karamihan sa atin na ito ang susi sa pag-unlad ng ating buhay. Madalas nating naririnig sa magulang natin na ito lang ang kanilang pamana sa'tin.


Maliwanag na kritikal ang edukasyon sa pag-unlad ng ating bansa. Ang edukasyon ay instrumento para lumikha ng mga Pilipinong may kakayahang mag-isip at maglingkod sa iba't ibang sektor ng lipunan. Dahil sa edukasyon, nagkakaroon tayo ng mga *scientists*, *teachers*, *doctors*, at iba pang propesyunal na tumutulong na mapabuti ang estado ng bansa.

Bukod pa rito, ang edukasyon ay mahalaga rin sa paghubog ng ugali ng mga tao. Ang tunay at kalidad na edukasyon ay may kapangyarihang bumuo ng mga propesyonal na may integridad at tungkuling maglingkod sa kapwa nito Pilipino.

Edukasyon din ang pangunahing prayoridad ng ating pamahalaan. Kada taon, bilyon-bilyong piso ang inilalaan ng gobyerno para matustusan ang edukasyon ng mga Pilipino.

Sa kasamaang palad, hirap ang Pilipinas na matamo ang ganitong klaseng edukasyon. Ang pinakamadalas na balakid dito ay ang kakulangang pinansyal. Masakit isipin na maraming bata ang napipilitan na huminto sa pag-aaral dahil sa kawalan ng panustos sa eskwelahan. Kasabay nito ang pagkawala ng mga pangarap ng magulang at anak. Kung edukasyon – ika nga ng marami – "ang susi sa ating kinabukasan", paano pa natin mabubuksan ang pinto ng oportunidad kung kinuha na sa atin ang susi nito? Hindi rin sapat ang pondo ng pamahalaan sa ating edukasyon. Marami pa ring kulang na *classrooms*, *faculty office*, *chairs*, guro at iba pang kagamitan at empleyado para sa lumolobong pangangailangan sa edukasyon.

Ang kawalan din ng edukasyon ang isa sa mga dahilan ng paulit-ulit na siklo ng kahirapan. Ilang henerasyon na ng mga Pilipino ang nabuhay na salat sa edukasyon. Dahil dito, patuloy din ang kawalan ng magandang hanapbuhay.




Dahil dito, lakas-loob ding tinahak ng CARD MRI ang problema sa ating edukasyon. Bilang isang *social development institutions,* naniniwala ito na tungkulin nitong pangalagaan ang edukasyon ng mga Pilipino. Kumbinsido ang CARD MRI na kritikal ang edukasyon sa pag-abot ng pagbabago. Upang makiisa sa layuning ito, naglunsad ng mga *educational assistance* ang CARD MRI. Isa na rito ang CARD Scholarship Program o CSP. Ang mga *qualified scholars* ay nakatatanggap ng tulong pinansyal mula sa CARD MRI. Itinayo rin ng CARD MRI ang CARD-MRI Development Institute (CMDI) *campuses* sa Tagum City, Davao del Norte, at Bay, Laguna para magbigay ng kalidad na edukasyon sa mga estudyante. Nitong 2016, inilunsad naman ng CARD MRI ang programang *'One Family, One Graduate'*. Sinisiguro ng programang ito na lahat ng pamilyang kabilang sa CARD *major institutions* ay makapagpapatapos ng isa o higit pang miyembro sa kolehiyo.

Umaasa ang CARD MRI na mas marami pang estudyante at pamilya ang maaabot ng mga serbisyo nito sa mga susunod pang taon. Ang tagumpay ng CARD ay tagumay ng lahat ng pamilyang Pilipino.


SULONG! Editorial Board

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
*Publisher*

**Dr. Jaime Aristotle Alip**
**Flordeliza Sarmiento** **Marilyn Manila**
*Editorial Advisers*

**Dr. Edmund Centeno**
*Editor-in-Chief*

**Cyrene Grace Lubigan**
*Managing Editor*

**Jeffrey Tandingan**
*Associate Editor*

**Arnold Gutierrez**
**Albert Dayag**
*Layout Artists*

**Raffy Antes | Neliza Largueza**
**Charyll April Perez | Clariza Concordia**
*Writers*

**Clark Qury Cuello**
*Cartoonist*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing ka-makalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

**CONTRIBUTORS**
Trixie Kate Enriquez
Elijah Louise Cabuya
CARD Myanmar Company Limited

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
M.L. Quezon St., City Sub., San Pablo City, Laguna

**@CARDMRIOfficial**
Official Facebook page

**@CARDMRI**
Official IG account

**@CARDMRI**
Official YouTube channel

**www.cardmri.com**
Official Website

# Ang Pagharap sa Hinaharap

Magandang araw po. Sumulat po ako sa inyo para humingi ng payo. Isa po kayo sa mga hinahangaan ko, kaya palagay ko po ay matutulungan ninyo ako sa aking problema.

Ako po si Romel, isang mag-aaral sa kolehiyo. Ilang taon na lang mula ngayon, magtatapos na po ako sa aking pag-aaral. Pero hanggang ngayon, hindi pa rin po ako sigurado kung ano ang gusto ko. Wala pa po akong plano kung ano ang gagawin ko paglabas ng kolehiyo. Naiisip ko lang na kailangan kong makapagtapos ng pag-aaral para matulungan ang pamilya ko. Pero kung paano ko po iyon gagawin ay hindi po ako sigurado.

Kadalasang ipinapayo sa akin, maghanap na lamang daw ako ng trabaho kung saan *in-demand* ang kurso ko. Pero sa totoo lang po, hindi ko po nakikita ang sarili ko na nasa gawaing iyon. Natatakot ako na baka kapag ginawa ko ang isang bagay na hindi ko naman gusto, baka lalong hindi ko magawa iyon nang maayos.

Sa tuwing naiisip ko na walang kasiguraduhan ang hinaharap ko, natatakot ako. Bilib ako sa mga tao na siguradong-sigurado sa kanilang gusto. Samantalang ako, para bang kuntento na ako na nagagawa ko ‘yung mga gawain kada araw. Okey na sa akin na naitataguyod ko ‘yung ngayon.

May maipapayo po ba kayo sa sitwasyon ko?



## PAYO NI BOSS

**Dr. Jaime Aristotle B. Alip**

Founder and Chair Emeritus, CARD MRI

Maraming salamat sa pagpapadala ng iyong liham, Romel. Sa maikling sulat ko namang ito, susubukan nating mabigyang sagot ang iyong suliranin.

Ang iyong sitwasyon ay hindi na bago. Pansin ko sa panahon ngayon, lalo na sa mga kabataan, marami na ang humaharap sa suliranin na gaya ng sa iyo. Para bang *quarter life crisis*, pero sa mas nakababatang henerasyon.

Wala namang mali sa nararamdaman mo. Lahat tayo ay sadyang dumarating sa punto ng buhay na kailangan nating pagplanuhan kung ano ang gagawin natin sa nalalapit na hinaharap. Sa totoo lang, itinuturing ko na katapangan ang pagharap mo sa ganyang suliranin. Patunay ito na handa kang harapin at pagtuunan ng pansin ito, at higit sa lahat, mabigyan ng agarang solusyon.

May punto rin naman ang mga nagpapayo sa iyo na subukan mo munang pumasok sa mga trabaho kung saan *in-demand* ang iyong kurso. Una, natitiyak kong may sapat kang kaalaman doon dahil iyon ay pinaghandaan ninyo sa loob ng apat na taon o higit pa. Hindi ka magsisimula sa wala dahil kahit papaano, pinaghandaan ninyo iyon. At pangalawa, maaari lamang natin malaman kung para sa atin ba ang isang bagay kung ito ay ating susubukan. Wala naman mawawala sa atin kung atin itong susubukan. Sa katunayan nga, may makukuha pa tayo rito – karanasan. May mapupulot pa tayong aral sa mga bagong karanasan. At balang araw, magagamit natin ang mga aral na ito.

Isa pa, humanap ka ng inspirasyon o ng pag-aalayan ng iyong mga gagawin sa hinaharap. Nabanggit mo na gusto mong makapagtapos para matulungan ang iyong pamilya. Sila ang iyong inspirasyon. Sila ang gawin mong inspirasyon. Kung nahihirapan kang magdesisyon para sa iyong sarili, marahil ay hindi ka na gaanong mahihirapan kung magdedesisyon at gagawa ka para sa iba. Sa iyong kaso, ang pamilya mo.

Sa amin sa CARD, parati kong tinatanong ang sarili ko kung para kanino ba ang lahat ng aming ginagawa. Siyempre, sila ang milyon-milyong pamilyang Pilipino na nais nating maiahon mula sa kahirapan. Sa pagtukoy kung sino ang pag-aalayan namin ng aming serbisyo, naisakatutuparan namin ang aming mga proyekto para sa kanila.

Marahil ay iyon din ang kailangan mo. Gawin mong sandigan at inspirasyon ang iyong pamilya. Laging itanong sa sarili, para kanino nga ba ito? Malay mo, dumating ang araw na magkaroon ng mga kasagutan ang iyong walang kasiguraduhan.

Sa ngayon, pagbutihin mo ang kasalukuyan. Mahaba-haba pa ang iyong lalakbayin. Maging matatag ka.

***Ikaw, mayroon ka bang nais itanong kay Boss? Ipadala ang iyong tanong sa publishing@cardmri.com upang siya mismo ang magbigay sa'yo ng makabuluhang payo.***



## MULA SA PUSO NI ATE MD

**Ms. Flordeliza L. Sarmiento**

Managing Director, CARD MRI

Ang bilang ng mga out-of-school children and youth (OSCY) ay umaabot pa rin sa mahigit na tatlong milyon, ayon sa Philippine Statistics Authority. Dalawa sa maraming dahilan ay problema sa usaping pampamilya at pinansyal.

Sa pagpapasimula ng panibagong taon sa eskwela, mayroon akong nais hilingin sa lahat ng mga magulang na kasapi sa CARD MRI, atin sanang pagsumikapan na maipagpatuloy ng ating mga anak ang kanilang mga pag-aaral.

Kung iisipin, walang magulang ang hindi naghahangad na mapagtapos ang kaniyang anak sa pag-aaral.

Gayunpaman, sa kakapusan at kahirapan sa buhay, napipilitan ang ilan sa mga magulang na patigilin na lamang ang kanilang mga anak sa pag-aaral lalo na sa mga naninirahan sa malalayo at liblib na mga lugar.

Patungkol sa bagay na ito, ang CARD, gaya ng iba pang mga institusyon na nagbibigay ng mga programang pang-edukasyon, ay handa rin tumuwang sa inyong pangangailangan upang mapagtapos ang inyong mga anak sa pag-aaral.

Maliban sa CARD Scholarship Program (CSP) at educational loans, mayroon pang iba't ibang programang pampinansyal ang CARD na maaaring makatulong upang magkaroon kayo ng puhunan sa inyong pangkabuhayan. Ang maliit na puhunan na maaaring panimula ng inyong munting negosyo upang magkaroon ng dagdag kita at panggastos sa inyong pang-araw-araw na pangangailan.

Mayroon ding mga *livelihood trainings* na isinasagawa ang CARD para sa mga indibidwal na nais matuto at naghahanap ng karagdagang mapagkakakitaan.

Sa paraang nais ng CARD MRI na matugunan ang kahirapan, ang mga programa at serbisyo nito ay lalo pang palalaguin nang sa gayon ay marami pa sa mga nangangailangan ang maabot at matulungan.

# BALITANG PANGKALUSUGAN

## Naglunsad ng pinagsamang bungkos ang CaMIA, BotiCARD para sa CARD Care

*ni Neliza Largueza*




Isinali na ngayon ang pakete ng gamot ng BotiCARD sa bawat CARD Care policy ng CARD MRI Insurance Agency (CaMIA). Itong bagong produkto ay magsisilbing pinagsamang bungkos na ang tawag ay BotiCARD Health Plus.

Inilunsad ito upang makapagbigay ng mura at dekalidad na mga gamot para sa mga kliyente ng maliliit na pautang.

Kasali sa produkto ang mga paunang lunas at mga *maintenance medicine* tulad ng mga tableta ng Ascorbic 500MG, Loperamide 2MG, Paracetamol 500MG, Phenylpropanolamine + Chlrophenamine + Paracetamol, at bitamina para sa mga bata tulad ng mga tableta ng Vitamin B1, B6, B12.

Pagtugon sa hiling ng mga *policy holder* ang pagsama sa pakete ng mga bitamina para sa mga bata. Isinali rin sa *medicine kit* ang mga paraan ng pag-inom ng gamot upang ipaliwanag sa mga kliyente ang paggamit at ang kabuluhan ng mga bitamina sa malusog na pangangatawan.

"Inaasahan na ang BotiCARD Health Plus ay makapagtuturo sa mga kliyente ng *microfinance institutions* ng CARD MRI na palaging magkaroon ng *medicine kit* sa bahay at ang pag-inom ng bitamina ay kailangang gawin upang makamit ang malusog na katawan," sabi ni Rosenda P. Aquino, president at chair ng BotiCARD.

Ang produktong pinagsamang bungkos na CARD Care Health Plus ng CaMIA at BotiCARD ay inaalok sa halagang P500 para sa isang taon.

Unang inilunsad ang pinagsamang bungkos sa Batangas, Cavite, Laguna, Masbate, National Capital Region (NCR), Oriental Mindoro, Quezon, Rizal, at Lungsod ng Tacloban. "Ang mga kliyente natin ay sumasang-ayon sa produktong ito. Layunin natin na mailabas itong bagong produkto sa buong bansa ngayong taon," pagbabahagi ni Aquino.

Dahil sa pagtutulungang

▶12




℞

*May nais ka bang itanong tungkol sa iyong Kalusugan o Karamdaman?*

Mag-email, text, o tumawag sa:
Mobile No: 09286425940
Email Address:publishing@cardmri.com

**Sa susunod na edisyon ng Sulong ito ay bibigyang kasagutan ni Dr. Roderick Belen.**



**Magandang araw, Doc. Ako po si Benjamin, nakatira sa Sta. Rosa, Laguna. Nais ko pong magkaroon ng kaalaman tungkol sa varicose veins o mga nakalitaw na ugat at ano ang mga sanhi nito at paano ito maiiwasan. Maraming salamat po.**

Ang *varicose veins* ay ang ugat na nakaumbok o nakikita sa balat ng mga hita o paa. Karaniwan ito ay kulay asul, ube, o minsan medyo mapula na ugat na nasa mababaw lang o ilalim lang ng balat. Hindi naman ito magdudulot ng malaking problema, pero minsan ito ay sumasakit at medyo hindi kaaya-ayang tingnan sa mga hita at paa.

Ang mga *veins* o ugat ay gumagamit ng mga *valves* at kalamnan (*muscles*) sa paligid nito para maibalik ang dugo papunta sa puso natin. Kung magkakaroon ng deperensya ang mga ito, maaaring maipon ang dugo sa isang parte ng ugat. Ito ay magreresulta sa paglobo o pag-umbok ng ugat at minsan ay ang pagpilipit nito kaya nakakaroon ng *varicose veins*. At dahil kaunti lamang ang kalamnan na nakapaligid sa mga ugat na matatagpuan sa mababaw na parte ng hita at paa, ang mga ugat na ito ang karaniwang naaapektuhan.

Nakukuha ang *varicose veins* sa palagiang pagtayo nang matagal, pagbubuntis, sobrang katabaan o *obesity* at palagiang pagko-constipate o pagkakaroon ng napakatigas na dumi. Mas mataas din ang tsansa na magkaroon nito ang mga matatanda, may lahi nito, at mga nagkaron ng *damage* o pagkasira sa mga kalamnan ng mga hita at paa.

Pwedeng maiwasan ang *varicose veins* sa paglimita sa pagtayo nang matagal. Igalaw-galaw ang mga binti at paa kung talagang kailangan tumayo nang matagal. Sa oras ng pahinga, mabuti kung habang nakaupo ay nakapatong din ang iyong mga hita at paa kalebel ng iyong bewang. Kung nakahiga naman ipatong ang inyong paa sa unan.

Hindi naman kailangan itong galawin kung hindi nagdudulot ng problema tulad ng pananakit at pamamaga. Makatutulong dito ang paggamit ng *compression stockings*. Pero kung hindi nakakaginhawa at patuloy ang pananakit, mas mabuting magkonsulta sa doktor para masuring mabuti ang iyong *varicose veins*.

# KWENTO NG MGA KASAPI



Abot-tenga ang ngiti ni Esmeralda Prejan, kasama ang kanyang asawa at anak, habang pinapakita ang kanilang hardin sa Cebu City.

## Mag-ipon para sa kinabukasan

*ni Neliza Largueza*

"Sa pagpaplano patungkol sa usaping pampinansyal, makaseseguro kang may maayos na pinansiyal ang iyong negosyo at pamilya. Bahagi ng pagpaplanong ito ay ang pag-iipon."

Ito ang palagiang isinasabuhay ni Esmeralda Prejan, 69 na taong gulang mula Cebu City, at nagmamay-ari ng hardin.

Para kay Esmeralda, higit ang pangangailangang makapag-ipon. Nakatutulong daw ito sa kanya sakali mang mayroong *emergency.*

"Nasa larangan ako ng paghahardin kaya't nang nalaman kong mas malaki ang kita sa pagtatanim ng mga bulaklak kaysa pagtatanim ng mais, napagdesisyunan naming mag-asawa na subukan iyon. Iyon nga lang, hindi naman palaging mataas ang presyo ng bulaklak sa merkado. Pabago-bago rin ang aming kita depende sa panahon," kwento ni Esmeralda.

Ang pangambang ito ang nagtulak sa mag-asawa na isaalang-alang ang pagtatabi ng kanilang tubo sakaling maayos ang kanilang kita. Nagkataon namang ipinakilala sa kanila ng kapwa nila mga hardinero ang Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc., isang organisasyong pangkaunlaran na nagbibigay sa mga kliyente nito ng akses sa credit. Sa pamamagitan nito, nakahihiram ang mga kliyente ng panimulang kapital o 'di kaya'y dagdag-kapital upang masuportahan ang kanilang negosyo at matulungan silang makapagtabi ng tubo. Buhat nang ipinagkatiwala ng mag-asawa ang kanilang pinansiyal sa institusyon noong 2010, nakagawian na ring mag-ipon ni Esmeralda.

At dahil kontento na si Esmeralda sa kung ano mang mayroon siya, hindi na siya nangangamba sa usaping pinansyal.

Ibinahagi rin ni Esmeralda kung bakit siya nagsimulang mag-ipon. Sabi niya, iyon ay hindi dahil marami na silang hawak na pera. Ngunit, naniniwala siyang lalaki pa ito.

Ani Esmeralda, "Ang isang sentimo ay unti-unting magiging piso, at balang araw, madadagdagan pa ito."

## Ang masaganang panimula

*ni Neliza Largueza*

Kilala ang Sariaya, Quezon sa pagtitinda ng prutas at gulay. Ito ay mahusay na pagkakataon para sa mga nakatira dito, tulad na lamang ni Justina Pagdonsolan at ang kanyang asawa, na nagsimulang magtinda ng mga prutas.

"Kung isasaalang-alang ang merkado, lokasyon, at ang mapapagkukunan ng produkto, nakita namin na magandang oportunidad ang magtinda ng mga prutas," sabi ni Justina.

Nagsimula sila sa kanilang negosyo na may puhunang P5,000.00, na inutang nila sa CARD, Inc. noong 2015.

Bumibili sila ng mga prutas nang maramihan mula mismo sa mga may-ari nito. Saka ibinibenta nila ang mga ito sa mga bahay at sa ibang mga komunidad. Sa huli nakaugnay nila ang kanilang regular na suki sa mga kalapit na barangay. "Binigyan ako ng pedikab ng aking anak. Nakatulong talaga ito dahil ngayon ay nakapaghahatid na kami ng maramihan sa aming mga suki na nakapagpapalaki ng aming kita," paglalahad ni Benjamin na dati ay mason.

"Kung maswerte ka sa negosyong ito, ang kita ay di hamak na mataas kaysa magtatrabaho ka nang walong oras sa isang kompanya na may takdang kita," ani Benjamin. Hindi mahuhulog ang tagumpay mula sa langit tulad ng ulan. Para kay Benjamin, ito ay kasunod ng pagsisipag at pagtataguyod ng pamamahalang pinansyal.

"Maliban sa maliit na pautang, masaya kami na tinuruan kami ng CARD kung paano pamamahalaan ang aming pera. Natuto kaming mag-impok noong ang kita namin ay bumuti. Itinakda namin na ang kalahati ng aming kita ay mapupunta sa impok naming sa CARD at sa aming maliit na tindahan," saad ni Benjamin. Nagkaron sila ng pag-asa dahil sa mga serbisyong pampinansyal na nakukuha nila sa CARD. Sa taong ito, nagpapaplano ang mag-asawa na bumili ng sasakyan na magagamit nila upang mapalawak nila ang bilang ng kanilang suki.

"Ang unang apat na taon ng aming negosyo ay naging isang masaganang panimula," panapos ng mag-asawa.

Ang CARD, Inc. ay isang institusyong pangkaunlaran na naglalayong masugpo ang kahirapan sa pamamagitan ng pagbibigay ng maliliit na pautang, pag-iimpok at mga programang pangkaularang pangkomunidad tulad ng pangkalusugan at edukasyon.

## Si Nanay Anselma at ang kanyang pagsisimula

*ni Clariza Cassandra Concordia*

Nang maimbitahan si Nanay Anselma Guemas upang maging miyembro ng CARD Inc., nagdalawang-isip daw siya kung pauunlakan ito. Nalalapit na si Nanay Anselma sa edad ng pagreretiro kaya't hindi niya sigurado kung may kakayahan pa siyang makapagbayad ng lingguhang kontribusyon.

"Sana'y ayoko na," pagbabahagi ni Nanay Anselma tungkol sa kanyang pagsali sa CARD, Inc. "Pero naengganyo ako ni Ma'am Sharon [AO]. Matanda na raw ako at kailangang masiguro na mayroon akong madudukot sa oras ng pangangailangan."

Makalipas ang tatlong taon, isa pa rin si Nanay Anselma sa mga tumatangkilik at patuloy na nabibiyayaan ng benepisyo ng CARD, Inc. Sa tulong ng

▶11



Si Nanay Anselma Guelas, kasama ang isa pang miyembro ng CARD, Inc. Sila ay ilan lamang sa mga kauna-unahang miyembro sa kanilang yunit sa Marichi, Sariaya, Quezon.

# ANG KAHUSAYAN

*ni Elijah Louise Cabuya*

Ang *core values* ay madalas nating marinig sa palibot ng ating CMDI Main campus sa Tranca, Bay o maging sa labas man. Isa sa mga *values* na dala-dala ng mga nagkakaisang institusyon ay ang *excellence* o kahusayan.

Pero ano nga ba ang tunay na kahulugan nito? Maraming nagsasabi na kapag may katangian ka nito wala kang talo.

May nagsasabi rin na ang *excellence* ay isang natatanging kakayahan na kung saan madali ang isang tao na makaunawa o matuto sa isang bagay o sa isang larangan. At minsan nakukuha natin ito sa matinding pagsasanay at pagpapaka-dalubhasa.

Lahat tayo ay may iba't ibang mga natatanging kakayahan. Sa katunayan, may mga magagaling sa eskwelahan sa iba't ibang larangan katulad ng pagsulat ng tula at orihinal na awit, pangsayaw, pag-awit at pakikipagsalamuha sa mga tao.

Pero naisip ba natin sa sarili natin ang kahulugan ng *excellence* sa iba't ibang sitwasyon? Ano naman ang *excellence* sa bahay sa paaralan at sa trabaho?

**Excellence sa bahay**

Ang *excellence* ay maoobserbahan natin sa loob ng ating tahanan. Maraming nagsasabi na magaling siyang magluto, mahusay maglinis ng kwarto, mahusay mag-ayos ng bakuran, mahusay mag-alaga ng mga anak, mahusay maghugas ng pinggan, at marami pang ibang pwedeng maging kahusayan sa bahay.

Subalit ang *excellence* sa bahay ay hindi nasusukat sa dami ng kaya mong gawin sa bahay kundi kung paano ka mananatiling isang mabuting anak, asawa, at magulang sa pamilya mo. Nasusukat ito kapag napapanatili niyo ang pagmamahalan at pagbibigayan sa pamilya.

**Excellence sa paaralan**

Bilang estudyante, hindi sapat ang pagiging matalino o mahusay sa klase.

Sa ibang sitwasyon, may mga matatalinong mga estudyante na hindi pumapasa dahil pinanghihinaan ng loob at hindi nila makaya ang bigat ng buhay-estudyante. Para sa akin, ang *excellence* sa paaralan ay kung paano mo pinanghahawakan ang iyong pangarap sa buhay na makatapos ka.

Kung paano mo maipakikita sa lahat na matalino ka man o hindi ay matiyaga, matiisin, at masipag ka sa pag-aaral.

**Excellence sa trabaho**

Bilang mga estudyante na nagkaroon ng pagkakataon na makapagtrabaho sa mga institusyon ng CARD MRI, ay aking nakita na ang kahusayan sa trabaho ay hindi madaling timbangin. Naobserbahan ko ang kasiyahan ng mga empleyado kapag nakatatanggap ng mataas na marka sa *audit*.


Subalit hindi lang ito ang sukatan ng *excellence* o malaking karangalang natatanggap ng mga kawani.

Aking napagtanto na ang tunay na kahulugan ng *excellence* sa trabaho ay isasabuhay ang *core values* ng CARD MRI, ang CFISHES.

Ang *excellence* ay hindi nalalayo sa *core values* na *competence* sapagkat magkasama ang kasanayan at kahusayan upang maabot ang tugatog ng tagumpay. Para kanino ba talaga ang *excellence*? Ito ay para sa pagbibigay ng serbisyo natin sa mga pamilyang nasa laylayan.

Kailangang maramdaman nila na kaisa nila tayo sa pagsugpo sa kahirapan. Kung isasagawa natin nang may sinseridad ang mga *core values* ng CARD MRI sa tahanan, paaralan, at trabaho, masasabi na may tunay na *excellence* sa anumang larangan ng buhay.

Masarap namnamin ang *excellence* kung patungo tayo sa direksyong tama, may pagpapakumbaba, at walang tinatapakang tao. Ika nga, "Madaling maging tao, ngunit mahirap magpakatao".








Sa itaas (mula kaliwa pakanan): CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD Bank Board Director Dr. Gilbert Llanto, BSP Deputy Governor Chuchi Fonacier, BSP Monetary Board Member Bruce Tolentino at BSP Governor Benjamin E. Diokno. Sa ibaba: CARD MRI Managing Director Flordeliza L. Sarmiento, at iba pang mga tagapamuno ng CARD Bank, CARD SME Bank, CARD, Inc.,at CARD MRI Information Technology, kasama ang mga opisyales ng Bangko Sentral ng Pilipinas kabilang si Managing Director Pia Bernadette Roman-Tayag.

## Pagpapalakas ng Financial Inclusion sa Pilipinas

*ni Raffy Antes*

Ang *board directors* at *executive committee members* ng CARD MRI ay bumisita sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) noong Mayo 26. Ang CARD MRI sa pamamagitan ng Founder at Chair Emeritus nito na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip ay nagbigay ng *update* kay BSP Gobernador Benjamin E. Diokno at sa iba pang opisyal ng BSP sa estado ng pagsisikap ng pagsasama-sama nito sa bansa. Ibinahagi ni Dr. Alip na sa 2020, ang CARD MRI ay naglalayong maabot ang walong milyong pamilya at mabigyang seguro ang 40 milyong indibidwal sa buong bansa. Iniulat din niya ang tuloy-tuloy na pagpapalawak na ginagawa ng grupo lalo na sa mga lugar kung saan limitado ang akses sa produktong pampinansyal. Sa kasalukuyan, ang CARD MRI ay umaabot sa higit sa anim na milyong kliyente ng micro at SME sa lahat ng probinsya sa Pilipinas kabilang ang National Capital Region (NCR).



Nasa larawan: CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, kasama ang Kalihim ng Department of Trade Industry (DTI) na si Ramon M. Lopez (sa kaliwa), at Country Director ng International Fund for Agricultural Development (IFAD) na si Alessandro Marini (sa kanan).

## CARD, nagpahayag ng pagsuporta sa RAPID Growth

*ni Raffy Antes*

Isa ang Center for Agriculture and Rural Development (CARD) sa mga institusyong pangkaunlaran na dumalo sa paglulunsad ng Rural Agro-enterprise Partnership for Inclusive Development and Growth (RAPID Growth) sa World Trade Center Metro Manila noong ika-24 ng Mayo 2019.

Ang *RAPID Growth* ay isa sa mga proyekto ng Department of Trade and Industry (DTI). Layunin nitong mabigyang-tulong ang mga magsasaka at maliliit na negosyante sa bansa.

Ang proyektong ito na nagkakahalagang P4.7 bilyon ay pinondohan ng International Fund for Agricultural Development (IFAD).

Nagpahayag naman ng suporta ang CARD sa naturang proyekto sa pamamagitan ng pagbabahagi ng karanasan nito patungkol sa Business Development Services (BDS).

Mula 2008, mahigit anim na milyong kliyente na ang natutulungan ng proyektong ito ng CARD.

Ang CARD, kaagapay ang DTI, ay mayroong misyong tuluyang wakasan ang kahirapan sa Pilipinas – na layunin din ng proyektong RAPID GROWTH.




## Sumali ang CARD SME Bank...

◀ 1

aralan. Pinangunahan ito ni Cynthia B. Baldeo, Executive Vice President and Chief Operating Officer ng bangko. Malugod naman itong tinanggap ni Michelle Dorado, punong guro, at Minerva M. Rosales, Master Teacher II at coordinator ng Brigada Eskwela. Maliban sa mga inambag, nagboluntaryo rin ang ilang opisyal at kawani ng CARD SME Bank sa paglilinis ng mga silid-aralan at bakuran ng paaralan.

"Nagpapahalaga ang CARD SME Bank sa edukasyon. Sa pamamagitan nitong inisyatiba at suporta, ikinalulugod naming makatulong na mabigyan ang mga mag-aaral ng isang magiliw at ligtas na kapaligiran ng isang paaralan para sa kanila," ani Baldeo.

"Masaya kami na pinili ng CARD SME Bank ang aming paraalan ngayong taon para sa Brigada Eskwela. Maraming salamat sa inyong tulong upang mapabuti ang aming paaralan at maging kaayaaya ang aming mga silid-aralan," pahayag ni Principal Dorado.

Sa Brigada, sinamantala ng CARD SME Bank ang pagpapakilala sa bago nitong "mascot" na si Isme. Si Isme ang bagong mukha ng bangko sa pagpapalaganap ng kamalayan sa pag-iimpok sa mga magulang at mga bata.

"Isa siyang mahusay na anyo na talagang makaaagaw ng pansin ng mga bata. Taglay niya ang *coin bank* upang ipakita kung gaano kahalaga ang bawat piso. Talagang maaaliw ang mga bata sa anyo ni Isme," sabi ni Noli M. Martinez, head for marketing ng CARD SME Bank.

"Umaasa kami sa CARD SME Bank na bawat magulang at bata ay mag-iimpok lalo na ang mga bata dahil nais nating umasa sila habang bata pa na may maganda silang kinabukasan," dagdag ni Martinez. Isang *full-fledged thrift bank* ang CARD SME Bank na naglalaan ng mga serbisyong *financial series* at *non-financial series* sa mga micro, small, at medium na mga negosyo.

Maliban sa mga pautang na mga programa, naghahandog din ito ng mga produktong pag-iimpok, *money remittance facility*, at mga programa sa paglago ng mga komunidad tulad ng pangkalusugan at pang-edukasyon.

## Sudoku Challenge

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | 7 | 9 | 5 | | | |
| | 9 | 3 | | | | | 4 | |
| | 2 | 1 | | | 4 | 5 | | 8 |
| | | 8 | | | | | | 2 |
| | | 5 | 2 | 1 | 8 | 7 | | |
| 6 | | | | | | 8 | | |
| 1 | | 9 | 4 | | | 2 | 6 | |
| | 5 | | | | | 9 | 7 | |
| | | | 6 | 2 | 9 | | | |

Kuhanan ng larawan ang iyong sagot at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI upang magkaroon ng P10 load

## Si nanay Anselma at ang...

◀ 9

*Housing Loan* ng institusyon, naipatayo niya ang pangarap na tahanan. Sa pamamagitan naman ng mga pautang, nasustentuhan niya ang kanyang 30 taon ng tiangge, kung saan nagbebenta siya ng mga damit at basahan.

At ngayong siya'y nasa edad na 62 na, aktibo pa rin si Nanay Anselma sa kanilang mga gawain sa yunit. Sa katunayan, patuloy pa rin siyang naglilingkod bilang *center chief* ng kanilang barangay sa Marichi, Sariaya, Quezon. Laking pasasalamat ni Nanay Anselma sa CARD, Inc. Ang kanyang kwento ay patunay na hindi pa huli ang lahat upang makapagsimulang muli.

Ang CARD, Inc. ay isang institusyong pangkaunlaran na itinatag upang wakasan ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyong *microfinance* at programang pangkaunlaran.

Sa kasalukuyan, mahigit 2.2 milyong kliyente na ang natutulungan ng CARD, Inc.

## Walang maunos na karagatan sa masipag...

◀ 3

sa pagsusulit. Gayunpaman, naramdaman din niya ang pangangailangang sumali sa mga klase ng pagsasanay dahil anim na taon na ang dumaan mula nang matapos niya ang kursong abogasya. Sa panahong ito, ang problema ni Atty. Abarcar ay ang pampinansyal na bahagi.

"Kinailangan kong mag-aral muli nang anim na buwan. Dahil dito, hindi maiiwasang lumiban muna ako sa trabaho dahil wala ako sa opisina sa mga panahong iyon. Pero sa halip na payagan akong pansamantalang bitiwan ang trabaho ko, lalo kong naramdaman ang suporta ng CARD mapapinansyal man o emosyonal na aspeto," ani Atty. Abarcar.

Samantala, si Atty. Aliman ay nagtapos ng Bachelor of Laws mula sa Andres Bonifacio College sa Dipolog, Zamboanga del Norte. Nagbigay-inspirasyon sa kanya ang kanyang tatay na naging mag-aaral ng abogasya pero hindi nakakuha ng *bar exam* dahil itinuon niya ang kanyang sarili sa pagpapalaki ng kanyang pamilya.

Bahagi din si Atty. Aliman ng Legal Department ng CARD MRI. Tulad ni Atty. Abarcar, hiningi din niya sa tagapamahala ang tulong na pampinansyal sa anim na buwan ng pagsasanay na klase. "Ang kabutihang-loob ng CARD ay hindi masusukat. Anong kompanya ba ang pahihintulutan kang magpokus sa pag-aaral sa loob ng anim na buwan? Ang CARD lamang," pagmamalaki ni Atty. Aliman.

**Mainit na pagbati**

Noong pagpupulong ng panguluhang tanggapan ng CARD MRI sa lungsod ng San Pablo noong ika-6 ng Mayo, kinilala ng CARD MRI ang nakamtang katuparan ng dalawang mga kawani, na ngayon ay mga abogado na.

"Nang sinimulan nila ang kanilang paglalakbay, nakapag-ambag na sila ng mga makabuluhang bagay lalo na sa pagsiguro na matutugunan ang mga pangagagailangan ng kani-kanilang mga opisina. Sa pakikinig sa kanilang mga kwento, mapapagtanto mo kung paano nabiyayaan ang isang tao kung magtatrabaho ng maigi at magdarasal," ani Flordeliza L. Sarmiento, managing director ng CARD MRI.

Sa "Unified Collab blog post" ni CARD MRI Founder at Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, sinabi niya na ang mga nakamtan ng dalawang abogado ay nagpapahayag kung paano gumagagana ang mga mahahalagang pag-uugali ng CARD MRI, lalo na ang "family spirit."

"Ang paglalakbay nila ay hindi madali. Habang naghahanda sa pagsusulit ay nagtatrabaho rin sila sa CARD. Ang mabuting bagay ay ang CARD MRI ay hindi lamang lugar ng trabaho, isa itong pamilya kung wawariin," ani Dr. Alip.

"Iyan ang sinasabing family spirit. Sa CARD palagi nating sinisiguro na ang bawat kawani ay naalagaan at nabibigyan ng pangkalahatang tulong para sa kung anuman ang kanilang inaasam," ani Dr. Alip.

Sa CARD MRI, ang paglinang sa kapasidad ay parating inuuna. "Patuloy kaming sumusuporta sa mga kawani sa pagkamit ng pangkalahatan nilang kakayanan upang maging malakas, mahusay, at handa sila sa pagsugpo ng kahirapan sa bansa," pagpapaliwanag niya.

Inaasam ni Atty. Abarcar at Atty. Aliman na lalo silang makaaambag sa pagtupad sa misyon ng CARD MRI na sugpuin ang kahirapan. "Patuloy naming gagawin ang aming makakaya upang makatulong kami sa mga naghihirap na mga pamilya sa bansa," ani Atty. Aliman.

Tunay na pumapabor ang tagumpay sa mga nagsusumikap at nagdadarasal para dito.





For inquiries, please contact us at (049) 562-4309 local 206 or email us at cardmri.hijostours@gmail.com/ hijostours@cardmri.com



Capturing lights BY: PHOTO FACTORY

MA. HASMIN BULAKLAK AUSTRIA
www.facebook.com/photophactory.sanpablo
photophactorysanpablo@gmail.com
(049)5238015/09297185354

29 PASEO DE ESCUDERO BRGY. V-D
SAN PABLO CITY, LAGUNA 4000

PORTRAIT STUDIO
ID PICTURES - VISA ID - GLAMOUR PORTRAIT
NEWBORN & TODDLER PORTRAIT
GRADUATION PORTRAIT - COUPLE PORTRAIT
MATERNITY - FAMILY PORTRAIT

EVENT COVERAGE
BAPTISM - BIRTHDAYS - DEBUT
WEDDING - CORPORATE EVENT
SCHOOL DOCUMENTATION & EVENTS
REUNIONS & FUNERAL

PRINTING AND EDITING
ID PRINTING (SMART ID, RFID, PVC & CARDED)
ID LACE PRINTING - ENLARGEMENT PHOTO
LAYOUTING - TARPAULIN - INVITATIONS - FLYERS
BROCHURES - POSTERS - CERTIFICATE - TYPING JOB
RESTORATION (OLD PHOTOS) - CANVASS PRINTING

FRAMING
INDIVIDUAL FRAMING
BOXTYPE FRAMING FOR CANVASS PRINTING
MULTIPLE FRAMING &
SPECIAL FRAMING (FOR CLIENT CHOICE)

ALBUM
MAGAZINE STYLE BOOK - PHOTO CANVASS BOOK
HARD COVER STORYBOOK
MAGNETIC BOOK
PHOTO CRYSTAL BOOK & HARDBOUND BOOK

OTHER SERVICES
TSHIRT PRINTING
PERSONALIZED SOUVENIRS PRINTING,
INVITATIONS LAYOUT & DESIGN
DIGITAL PRINTING & HOMEMADE ITEMS.


## Naglunsad ng pinagsamang bungkos ang...

◀ 8

ito, sinabi ni CaMIA President Vener S. Abellera na makakaya ng parehong institusyon na makapaghatid nang makabago at mas mabuting mga serbisyo sa mga kumunidad na kanilang pinagsisilbihan.

"Gusto naming mapatigil ang ideyang ang seguro ay mahal at para lamang sa mga pamilyang maykaya. Layunin namin sa CaMIA na makapagbigay sa aming mga kliyente ng murang mga produkto dahil lahat tayo ay nangangailangan ng kasiguruhan sa mga panahon ng pag-alinlangan," dagdag ni Abellera.

Isang produktong seguro ang CARD Care na nagbibigay ng *hospital income benefit* bilang pamalit sa nawalang kita kung ang *policy holder* ay nagpapagamot sa ospital. Sakop nito ang Daily Sickness Hospital Benefit (DSHB) at Daily Accident Hospital Benefit (DAHB) na nagkakahalaga ng P200 kada araw, na may hangganang 15 araw kada taon sa pinagsamang DSHB at DAHB. May dagdag ding sakop ito na P5,000 para sa personal na aksidente.

Ang CaMIA at BotiCARD ay mga kasaping institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD) na naglalayong mapuksa ang kahirapan sa pamamagitan ng pangangalaga sa kalusugan at pagbibigay-daan sa maliliit na pautang.